



SULONG!

Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI
www.cardmri.com | Tomo 2 Bilang 6 | Oktubre - Disyembre 2015

Maternal Health Project, malaking tagumpay

NI RAFFY ANTES



Ang paglulunsad ng Healthy Mothers Healthy Babies Kalinga kay Inay Project ng mga namumuno ng financial institutions ng CARD MRI sa pangunguna ni Dr. Aris Alip at Larry Reed ng MSC noong ika-14 ng Oktubre 2014 at ang mga sumunod noong 2015 na malawakang konsultasyon ng mga ina at pamamahagi ng medicine kit sa iba't ibang lugar ng Pilipinas.

Ipinagdiwang ng CARD Mutually Reinforcing Institutions, Freedom from Hunger at Microcredit Summit Campaign ang pagtatapos ng matagumpay na "Healthy Mothers Healthy Babies Kalinga kay Inay Project" noong ika-17 ng Disyembre 2015.

Itinampok ang mga nabuong samahan ng mga lokal at pambansang pamahalaan, *national* at *international donors*, at *microfinance* at *health institutions* bukod sa naabot nitong bilang ng mga inang napagsilbihan.

Ang proyekto ay nakapaghandog ng *maternal health services* sa mahigit na 800,000 kababaihang mahihirap mula sa kanayunan ng Pilipinas. "Masaya kaming kasama ang FFH at MCS sa pagtataguyod ng

layuning mapangalagaan ang *maternal health* ng mga kliyente ng *microfinance institutions* o MFIs. Sa pamamagitan ng programang ito ay inaasahan naming mababawasan na ang bilang ng mga inang namamatay sa pagbubuntis at kaugnay na mga sakit," pagbabahagi ni

... sundan sa pahina 3



CARD MRI Founder and Managing Director Aris Alip

Miyembro ng CARD Bank nakamit ang Citi Microentrepreneurship Award

NI JEFFREY TANDINGAN

Tinanghal si Ester Shiela Vitto, kliyente ng CARD Bank, bilang 2015 Luzon Microentrepreneur of

the Year sa Citi Microentrepreneurship Awards noong ika-2 ng Disyembre 2015 sa Bangko Sentral ng Pilipinas sa Maynila. Ang taunang

awards ay itinataguyod ng Citi Foundation.

Ang kaniyang Bahag Footwear and Repair Shop na itinatag noong 1999 ay nakatulong sa pag-unlad ng

Mga Likha ni Inay Summit sa Cebu

NI RAFFY ANTES

Humigit kumulang sa limampung microentrepreneurs ng CARD mula sa Samar, Leyte,

Cebu, Negros, at Panay ang nagtipon sa Mga Likha ni Inay (MLNI) Summit sa Cebu City noong Oktubre 15-16, 2015 upang palakas in ang kanilang kakayahan sa

pagnenegosyo at pamamahala nito.

Ang dalawang araw na summit ay nakatutok sa paksang ASEAN Integration na sinimulan noong 2015. Binigyang diin ng summit ang limang mahahalagang sangkap upang makabuo ng mga produktong world class at kayang makipagtunggali sa mga produkto ng ibang bansa na may mataas na kalidad.

Pinangunahan ng mga kilalang lider mula Anthill Fabric Gallery, Pinoycare Visa, UP Cebu, Tatang's Lechon, Holistic Coalition of the Willing (HOLICOW) at ang grand winner ng CARD MRI Galing Ni

... sundan sa pahina 3

ekonomiya ng kaniyang komunidad sa Pinamalayan, Oriental Mindoro. May tatlong sangay na ito sa nasabing lalawigan ngayon. Ang Bahag ay isa sa mga kinikilala at tinatangkilik na tatak ng footwear sa Oriental Mindoro.

Nagsimula ang Bahag sa paggawa lamang ng sandalyas para sa mga

... sundan sa pahina 2

Pinakasal ng CARD MBA, isang libong pares na

NI CRISTY CHUA-ENRIQUEZ

Sa loob ng halos 13 taon mula nang ilunsad ng CARD MBA ang programang "Mass Wedding" o Kasalang Bayan ay umabot na sa 1,000 pares ng mag-asawa ang mapalad na naipakasal at natulungang maging legal ang pagsasama. Sa pamamagitan ng programang ito, naging sakop ng Basic Life Insurance ang mga asawa ng ating kasapi.

Ang Kasalang Bayan ay isa sa mga non-financial service ng CARD MBA para sa lahat ng kasapi na may 10 buwan o higit pa ng pagiging kasapi. Isinasagawa ito sa

pagtutulungan ng CARD MBA Provincial Office at institusyong kanilang kinabibilangan gaya ng CARD Inc., CARD Bank, CARD SME Bank at Rizal Bank. Sa gawaing ito ay sinasagot ng CARD MBA ang mga gastusin sa pagsasaayos ng mga papeles ng kasal.

Patuloy na ipagkakaloob ng CARD MBA ang kasalang bayan sa lahat ng kasaping nangangailangan ng programang ito. Patuloy din ang pagsasagawa ng mga pag-aaral para mas mapaganda pa ang mga programa at serbisyo para sa kapakanan at ikabubuti ng mga kasapi.



NATATANGING PAGKILALA. Kinilala si Ester Shiela Vitto (may hawak ng tropeyo) bilang 2015 Luzon Microentrepreneur of the Year. Kasama niya sa parangal na idinaos sa Bangko Sentral ng Pilipinas, Maynila ay sina (sa kaniyang kaliwa) Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang tagapagtatag at punong tagapamahala ng CARD MRI, (sa kaniyang kanan) Dolores Torres, ang presidente at CEO ng CARD Bank, Lorenza Bañez, ang Executive Vice President ng CARD Bank kasama ang iba pang miyembro ng executive at management committee ng CARD MRI at ilang mga kawani nito.

12.3 milyong Pilipino nakaseguro sa CARD MBA

NI RAFFY ANTES

Umabot sa halos 12.3 milyong Pilipino sa buong bansa ang nakaseguro sa CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) nitong pangatlong sangkapat, na kung saan ay 21% ang itinaas kumpara sa parehong sangkapat ng nakaraang taon.

"Natutuwa ang CARD MBA sa pagtaas ng bilang ng nabigyan ng seguro dahil mas maraming pamilya na ngayon ang binibigyang tuon ang pagseguro ng kanilang pamilya lalo na sa panahon ng kawalang-katiyakan tulad ng kalamidad at sakuna," pagbabahagi ni CARD MBA General Manager May Dawat.

Ayon sa ulat ng Department of Finance (DoF), ang *microinsurance coverage* sa Pilipinas ay nadagdagan mula 20% noong 2012 hanggang 28.1% noong 2014. Pinakamataas ito kumpara sa ibang Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) *member economies*.

Ayon kay GM Dawat, sa pamamagitan ng pagtataguyod ng isang matatag at nakasegurong hinaharap para sa bawat pamilyang Pilipino makatutulong ito upang makamantan natin ang *financial inclusion*. Ang *financial inclusion* ay ang paghatid ng abot-kayang pinansiyal na serbisyo sa mahihirap na sektor ng lipunan.

Upang makatugon sa pagtaas, nagbukas ang CARD MBA ng limang bagong Provincial Offices (POs) sa Zamboanga Sibugay, Nueva Ecija, Negros Occidental, Oriental Mindoro at sa National Capital Region (NCR) upang maging mas malapit sa mga komunidad. "Dahil sa mga PO, mas napapadali at nabibigyan ng agarang serbisyo ang bawat komunidad. Sa kasalukuyan, ang CARD MBA ay may 50 POs na matatagpuan sa buong bansa," pagbabahagi ni GM Dawat.

"Dahil sa pagdami ng aming miyembro, patuloy din ang pagdagdag ng aming empleyado at ang patuloy na pamumuhunan namin sa *microinsurance system* upang higit pang mapabuti ang aming *data control system*," dagdag ni GM Dawat.

Ang *microinsurance system* ng CARD MBA ay binuo ng CARD MRI Information Technology (CMIT), isa ring miyembrong institusyon ng CARD MRI, upang tulungan ang CARD MBA na magkaroon ng

mahusay na sistema para sa milyon-milyong mga miyembro nito.

Tumaas din ang mga nakaseguro sa ilalim ng Golden Life Insurance Program (GLIP) sa huling sangkapat ng taon. Ang GLIP ay isang opsyonal na programa ng CARD MBA para sa kliyente ng CARD MRI na nais ipagpatuloy ang *insurance coverage* pagkatapos ng *mandatory exit age* na 70 taong gulang.

Ayon kay GM Dawat, sumeseguro ang GLIP sa bawat kasapi hanggang sa 100 taong gulang. Mayroon na itong 1,073 miyembro matapos itong mailunsad noong nakaraang taon. "Ang bilang ng aming mga miyembro na magretrito sa taong ito ay 1,109. Sa pamamagitan ng aming GLIP caravans, maaabot namin ang natitirang bilang ng magretrito ngayong taon. Isa itong pambihirang tagumpay para sa mga kliyente dahil ito ay magbibigay sa kanila ng isang sandalan hanggang sa kanilang ginintuang taon," dagdag pa ni GM Dawat.

Ipinagmalaki rin ni GM Dawat ang 97% pagtupad

nito sa 1-3-5 Day Target sa pagbabayad ng *claims*. Sa ilalim ng target na ito, nababayaran ang *claims* sa loob ng isang araw hanggang limang araw lamang.

"Ang aming pakikipag-ugnayan din sa National Statistics Office (NSO) ay malaki ang naitulong sa pagsasakatuparan ng target na ito lalo na sa mga *document* ng kinakailangan sa pagproseso ng *claims*," pagpupuri ni GM Dawat. Dagdag pa niya, komportable na ngayon ang kanilang mga miyembro sa pagproseso ng dokumento na may kaugnayan sa NSO. Simula 2013, ang CARD MBA ay nakapagproseso na ng 2,558 NSO *documents*.

Sa pagnanais na mas maraming Pilipino pa dapat ang makapagseseguro na, ibinahagi ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang founder at managing director ng CARD MRI, na sa loob ng limang taon ang CARD MRI ay aabot ng walong milyong pamilyang Pilipino na kung saan ay seseguro ng 40 milyon indibidwal.

Miyembro ng CARD Bank nakamit ang Citi Microentrepreneurship Award

... mula pahina 1

kalalakihan gamit ang mga lumang gulong. Maganda ang naging takbo ng kanilang negosyo dahil na rin sa positibong pagtanggap ng mga mamimili sa kanilang produkto. Simula noon, gumawa na rin siya ng tsinelas bilang ikalawang produkto.

Ang bawat pares ng Bahag ay hinuhubog ayon sa kanilang sariling disenyo gamit ang magaganda at matitibay na materyales. Sa paglipas ng panahon, ang Bahag na mayroon lamang paisa-isang mamimili ay nagkaroon na rin ng *wholesalers* at *retailers*. Sa ngayon, tinatangkilik na rin ng mga turista ang kanilang mga produkto.

Si Vitto ay isa sa 3.2 milyong miyembro ng CARD MRI na kinilala bilang 2014

Malikhain Awardee sa Galing ni Nanay (GNN) Awards, isang parangal na binuo ng CARD MRI na kumikilala sa mahuhusay na MES mula sa mga kasapi ng buong CARD MRI.

Dahil sa pagiging kasapi sa CARD, nahubog ang kaniyang kakayahan sa tulong ng mga pagsasanay na ibinibigay ng CARD. "Ang pagkakatatag ng CARD Bank ay hindi lamang upang magbigay puhunan sa mga gustong bumuo ng negosyo kundi upang umalalay sa mga kasapi nito hanggang sa matamo nila ang tagumpay. Hindi lamang pampinasyal na serbisyo ang aming inihahatid sa aming mga kasapi, nagbibigay din kami ng mga pagsasanay upang mahubog ang

kakayahan nilang mapaunlad ang kanilang negosyo," pagbabahagi ni Dolores Torres, ang presidente at CEO ng CARD Bank.

Kabilang sa mga dumalo sa nasabing parangal ang mga miyembro ng *executive* at *management* committee ng CARD MRI.

Samantala, si Ernani Llema, isa ring miyembro ng CARD Bank ay kinilala naman noong nakaraang taon bilang 2014 Luzon Microentrepreneur of the Year dahil sa kaniyang REL Seafoods Buyer and Dealer na kung saan ay nakatutulong siyang mapaunlad ang pamumuhay ng kaniyang komunidad habang sila ay *nagsisilbing* empleyado sa

kaniyang negosyo.

"Ang aming pangarap ay makita ang aming mga miyembrong naaabot ang kanilang mga pangarap at nakalulugod na kabahagi ang CARD sa tagumpay nilang ito," pagbabahagi ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang tagapagtatag at tagapamahala ng CARD MRI.

Naglalayon ang CMA na bigyang pagkilala ang mga mahuhusay na MES, mabigyan sila ng motibasyon upang mas mapaunlad pa ang kanilang nasimulang negosyo, produkto, serbisyo, teknolohiya, mas mapataas pa ang kanilang kita mula sa mga ito at makapagbigay ng inspirasyon sa mga kapwa nila MES na nagsisimula pa lamang.



CARD Bank, Inc.
A Microfinance - Oriented Rural Bank
A member of CARD MRI

Encouraging you TO SAVE
Little by little, Day by day

KAYANG-KAYA Savings



Regular Savings with Pass Book

MATAPAT Savings Account



Savings Account with ATM Access

MAAGAP Savings Account



Savings Account for Kids

OTHER SAVINGS PRODUCTS:
TIWALA SAVINGS (Special Savings Deposit)
TAGUMPAY SAVINGS (Recurring Deposit)

Matatag na Buhay sa Bawat Pamilya
www.cardbankph.com

A proud member of **BandNet**

MEMBER: PDIC, Maximum deposit insured for each depositors P500,000.00



Community Health Fairs sa Region 4-A. Anim na community health fairs ang sunod-sunod na isinagawa sa tatlong lalawigan ng rehiyon 4-A noong Oktubre 2015. Higit sa 1,860 na miyembro at *dependents* ng CARD, Inc. at CARD SME Bank, Inc. at iba pa ang nakatanggap ng libreng serbisyo tulad ng *medical check-up*, *dental services* at *eye refraction*. Mayroon ring mga gamot na inialok sa mas mababang presyo para sa mga miyembro ng CARD sa pangunguna ng BotiCARD. Ang gawaing ito ay bahagi ng Microfinance and Health Protection Program (MaHP) ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI). Ang tatlong institusyong nabanggit ay kabilang sa CARD MRI, isang grupo ng *social development organizations* na naglalayong sugpuin ang kahirapan sa Pilipinas. **Raffy Antes**

Mga Likha ni Inay Summit sa Cebu

... mula pahina 1

Nanay (GNN) 2014 sa Cebu City, si Gng. Jocelyn Comaling, at ang may-ari ng *SNADS Trading at Printing Services* ang *dialog at open forum* sa summit

Isang naging magandang pagkakataon para sa mga kalahok sa *summit* ang *exhibit* at *sale* ng kaniya-kaniyang mga produkto. Sa ganitong paraan ay posibleng makahanap sila ng potensyal na magiging partner sa pagpapalago ng kanilang negosyo.

"Ang *summit* ay tugon sa lumalaking pangangailangan ng aming mga kliyente lalo na sa pagkakaroon ng mahusay na kaalaman at pagsasanay para sa kanilang lumalagong negosyo," pagbabahagi ni Julius Adrian R. Alip, Mga Likha ni Inay President at CEO.

Ang *summit* ay regular na ginagawa ng CARD MRI mula noong 2012. Ang *summit* ay dating tinawag na Micro-Entrepinay (ME) Conference na unang sinimulan ng CARD Bank, Inc. at CARD-Business Development

Service Foundation Inc. (CARD-BDSFI).

"Ang Mga Likha ni Inay ay isang programa lamang ng CARD-BDSFI noon. Ngayon ay nakarehistro na ito bilang hiwalay at ika-14 na miyembrong institusyon ng CARD MRI," dagdag ni President and CEO Alip.

Ang pagkatatag ng MLNI bilang isang hiwalay na institusyon ay isa sa mga hakbangin ng CARD MRI para sa ASEAN Integration.

Ipinangalan sa pangalan ng institusyon ang *summit* upang buksan ang programa sa lahat ng apat na pinansiyal na institusyon ng CARD MRI - ang CARD, Inc., CARD Bank, CARD SME Bank at Rizal Bank, Inc.

Ang Mga Likha ni Inay ay isang institusyong nag-uugnay sa *microentrepreneurs* patungo sa *mainstream market*. Ito ay nagtataguyod ng mga lokal na materyales na karamihan ay matatagpuan sa mga rural na komunidad kung saan naroon ang CARD MRI.

Maternal Health Project, malaking tagumpay

... mula pahina 1

Dr. Jaime Aristotle B. Alip.

Ang CARD MRI ay nagsanay ng higit sa 2,000 Account Officers (AOs) sa 32,117 *centers* upang maihatid ang edukasyong pangkalusugan sa mga miyembro nito. Sa nakalipas na walong taon, ang lahat ng AOs ay nakapaghatid ng edukasyon sa halos 5,000 kababaihan sa bawat araw sa nakalipas na walong buwan tungkol sa mga mahahalagang isyu sa *maternal health*. Sa paglipas ng walong linggo, ang bawat kababaihan ay nakatanggap ng dalawang oras na sesyon o 15-20 minutong sesyon bawat linggo.

Sa pamamagitan ng isang *dialogue-based at participatory methodology*, ang mga kababaihang ito ay natuto ng simple ngunit mahahalagang aral tulad ng kahalagahan ng *pre-natal visits*, panganganak sa isang *health facility*, at ang pagkakaroon ng mabuting nutrisyon.

Sa ilalim ng proyektong ito ay nakapagsagawa ng 15 community health days para sa mga miyembro ng CARD at kababaihan mula sa lokal na komunidad. Halos 9,000 kababaihan ang nakatanggap ng libreng konsultasyon sa OBS/ GYN *ultrasound*, mga bitamina, at iba pang mga produkto at serbisyo.

Isa ring mahalagang tagumpay sa ilalim ng proyektong ito ay ang kolaborasyon ng iba't ibang pribadong samahan at institusyon at maging ng pamahalaan.

"The Healthy Mothers, Healthy Babies initiative demonstrates the power of



partnership of the health and financial sectors (Ang Healthy Mothers, Healthy Babies ay nagpapakita lamang ng malakas na puwersa ng *partnership* ng kalusugan at pinansiyal na sektor)," ayon kay Kathleen Stack, vice president of programs, Freedom from Hunger. "We salute the women and service providers who joined hands to make healthier lives possible for so many vulnerable Filipino families (Saludo kami sa mga kababaihan at *service providers* na nakiisa upang matugunan ang pangangailangan sa kalusugan ng bawat pamilyang Pilipino)."

"Ang aking ika-lima anak ay nasa 12 taong gulang na kaya hindi ko inaasahan na masundan pa siya," ayon kay Nanay Ruby Coma, benepisyaryo ng community health day sa Davao City. Sa edad na 40, siya ay nabuntis sa kanyang ika-anim na anak. Nagpaplano si nanay Ruby na manganak sa isang pribadong ospital, na kung saan ang aabutin ng

gastos ay nasa 15,000 hanggang 20,000 piso kahit mayroong PhilHealth. Plano rin niyang magpatali na para ito na ang kanyang huling pagbubuntis.

"Family health crises are major roadblocks on the pathway out of poverty (Ang *family health crises* ay ang pangunahing hadlang sa daang paalis sa kahirapan)," ayon kay Larry Reed, director ng Microcredit Summit Campaign. "If microfinance institutions want to contribute to the global goal of ending extreme poverty by 2030, they will need to partner with the health sector (Kung ang microfinance institutions ay magnanais na mag-ambag sa pandaigdigang kampanya para tapusin ang matinding kahirapan sa 2030, kinakailangan na makipag-ugnayan sila sa sektor ng pangkalusugan)," pagdaragdag pa ni Reed.

Sa pamamagitan din ng proyektong ito, ang CARD at United Nations Population Fund (UNFPA) ay nairepaso na ang *family*

planning project na naka-planong ipatupad sa maraming lugar sa unang bahagi ng taong 2016.

Ang MFIs for Health Consortium ay dumami rin ang bilang ng miyembro mula 18 hanggang naging 21, na kung saan lumahok and 14 sa *capacity-building* upang paghandaan ang pagpapatupad ng *maternal health education module*. Higit pa rito, anim na miyembro ng *consortium* ay naglunsad ng *Campaign Commitments* upang palawakin pa ang access sa kalidad na serbisyong pangkalusugan lalo na sa kanilang mga kliyente.

Naging posible ang proyektong ito dahil sa *educational grant* mula sa Johnson & Johnson.

Sa kabila ng pagkakaroon ng selebrasyong takda ng pagtatapos ng nasabing proyekto, patuloy pa rin ang CARD MRI sa pagbibigay ng edukasyon sa libo-libong miyembro nito tungkol sa malusog na pangangalaga sa mga kababaihan at mga sanggol.

Nagtagumpay sa tulong ng CARD MRI

NI ARACELI REAS

"Ako si Julita Abal," nahihiyang pagpapakilala niya. "Nabibilang ako sa mga taong sa simula ay hindi gaanong sinuwerte sa buhay. May walo akong anak at ang aking asawa naman ay walang permanenteng hanapbuhay. Noong bata pa, ako, ang aking nanay at lola ang nagturo sa akin na maghabi ng banig na tikog kaya naman napunta ako sa ganitong industriya. Isa ito sa aking mga hilig at ito rin ang aming pinagkukunan ng gastusin sa araw-araw", dugtong niya. Napanatili ng mga taga-Basey, Samar ang tradisyon ng pagbabanig sa pamamagitan ng pagpapasa nito sa bawat henerasyon.

"Noong unang narinig ko ang CARD dito sa amin, nag-alinlangan ako kung ito ba talaga ang makatutulong sa amin. Ang ginawa ko, kinausap ko ang aking mister tungkol dito," pag-amin ni Julita. "Noong ako ay maging kasapi, 3000 piso ang aking naging *initial loan* at lahat kami sa *center* ng Basiao 1 ay kailangan dumalo sa lingguhang pagpupulong na may Credit with Education o CwE na nakatulong sa amin maging marunong, alerto at disiplinado sa pagbabayad," aniya.

"Malaking tulong para sa amin ang CARD, dahil

kung wala ang CARD hindi ako magkakaroon ng sarili kong negosyong sari-sari *store* at saktong kapital sa aking pagbabanig. Mayroon na ako ngayong sariling bahay at lupa, sariling negosyo at apat sa aking mga anak ay nakapagtapos na samatalang ang natitirang apat ay nag-aaral sa ngayon", paglalahad niya.

Habang palalim nang palalim ang usapan, nawala ang pagkamahiyain ni Julita nang pag-usapan ang tungkol sa pamumuno. Siya ay 54 na taong gulang na ngayon pero sa edad niya ay ginagawa pa rin niya ang pagiging ina sa walong anak at pagiging lider sa kanilang komunidad. Pinatunayan niya na ang babaeng tulad niya ay walang limitasyon sa pagiging lider sa kaniyang pamilya, sa kanilang *center*, at sa kanilang asosasyon. Ang kanyang pagmamahal sa pagbabanig ay ang siyang nagbabalanse sa kanyang pagmamahal na magserbisyo. Sa kasalukuyan siya ang presidente ng BANWA o Basiao Native Weavers Association at Basiao 1 center chief ng CARD Bank, Inc.

Ang asosasyon nila na nagbabanig sa Saob cave ay bahagi ng Hijos de Visayas *tour program* ng CARD MRI, isang programa na itinataguyod ang kultura at kasaysayan ng Samat at Leyte.



"Happy ako sa bangko ko."

savings account

checking account

business loan

time deposit

housing loan

micro-finance

LIPA CITY
(043)756-1177

STA. ROSA CITY
(049)502-4786

DASMARIÑAS CITY
(046)416-0695

STO. TOMAS
(043)318-0357

CALAMBA CITY
(049)508-3544

TAGAYTAY CITY
(046)413-4641

CAVITE CITY
(046)431-2762

BALAYAN CITY
(043)211-6748

BATANGAS CITY
(043)702-1317



CARD SME BANK
A THRIFT BANK



A member of CARD MRI
61 Rizal Avenue
San Pablo City
Laguna
(049) 503.2671 to 72

EDITORIAL

#WowKalingaKayInay

Kahanga-hanga ang proyektong Kalinga Kay Inay (KKI) kung pag-uusapan ang dami ng nakinabang na kababaihan at ang kolaborasyong nangyari sa buong panahon ng proyekto. Ang KKI ay bahagi ng Healthy Mothers Healthy Babies Program ng Freedom From Hunger at Microcredit Summit Campaign na pinangunahan ng CARD MRI sa Pilipinas. Ang proyekto ay itinaguyod din ng 21 partner microfinance institution (MFI) at pinondohan ng Johnson and Johnson sa pamamagitan ng *educational grant*.

Ang malawakang proyektong inilunsad noong Oktubre 2014 at sumakop sa mga inang kliyente ng mga kalahok na MFI sa Pilipinas ay nagtapos noong Disyembre 2015. Pansinin ang mga katuparan ng proyekto na lampas sa mga target: 789,960 mga kliyente ang tumanggap ng kaukulang edukasyon na pangkalusugan; 15 community health fair sa pakikiisa ng mga Rural Health Unit kasama ang 160 pangkat ng mga *health providers*; 8,988 *check-up* sa mga buntis at nagpapasusong ina; 3,708 mga mother at baby kit na ipinamigay.

Nilayon ng KKI na tulungan ang mahigit na 600,000 kababaihan na alagaan at panatilihin ang kanilang kalusugan. Ang pagsasakatuparan ng mithiing ito ay tugon sa pagpapabuti ng kalusugan ng mga ina na isinusulong ng United Nations Millennium Development Goals (MDG) simula pa noong 2000. Ang mga

panukat ng pagpapabuti ng kalusugan ng ina ay *maternal mortality ratio* (proporsyon ng mga namamatay na ina) at *contraceptive prevalence rate* (bilis ng paglaganap ng kontraseptibo). Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang may mataas na *maternal mortality ratio*.

Sang-ayon sa 5th Philippine Progress Report on the MDG na inilunsad noong Agosto 20, 2014, may mababang probabilidad o "*low probability*" na pababain ang *maternal mortality ratio*. Ang datos noong 2011 ay nagsasabing tumaas pa ito kaysa noong 1990. Ang target na *maternal mortality ratio* sa 2015 ay 52. Kasama ang *contraceptive prevalence rate*, mababa ang probabilidad na mapabuti ang *maternal health*, panlima sa walong mithiin ng MDG.

Isang malaking usapin sa Pilipinas bagamat umiiral na ang Reproductive Health Law (Republic Act 10354) dalawang taon mula magpasya ang Supreme



Court na ang batas ay naaayon sa Constitution. Ang batas ay nag-aatas na bigyan daan ang mga pamamaraan ng kontrasepsyon, *fertility control*, edukasyong sekswal at pangangalaga ng mga ina. Magkalat man ang mga kontraseptibo tulad ng *condom*, *pills* at IUD, hindi rin tatangkilikin ang mga ito kung mahal o malayo ang bilihan. Sa makatuwid, tungkulin ng pamahalaan na siguruhing mabibili ito sa abot-kayang halaga o kung maaari ay libre saanmang sulok ng Pilipinas. Ang mga community health fairs, pulong ng mga kliyente ng MFIs at iba pang malakihang pagsasama ng

mga kababaihan ay mga pagkakataong ilako ang mga kontraseptibo o *family planning supplies*.

Ang pinakasentro ng proyektong KKI ay ang pagbibigay ng tamang edukasyon sa mga kliyente ng MFI ng iba't ibang araling may kaugnayan sa pangangalaga sa kalusugan ng ina at ng sanggol, kasama ang *family planning* o *reproductive health*. Karaniwang isinasagawa ito sa regular na pulong ng mga kliyente, lingguhan o buwanan man, kung saan isinasagawa rin ang koleksyon ng mga bayarin o obligasyon. Ang bawat sesyon ay karaniwang tumatagal ng hindi hihigit sa 15 minuto.

Halos 800,000 mga ina ang nabigyan ng nasabing edukasyon ng mga account officers o technical officers na sumailalim sa pagsasanay sa pagtuturo ng mga aralin. May mga pagkakataong kasama sa sesyon bilang *resource person* ang isang *nurse* o *medical doctor* na eksperto sa mga paksang tinatalakay. Ang tunay na sukatan ng tagumpay ng edukasyon ay hindi sa bilang ng mga dumalo kung hindi sa paggamit o aplikasyon ng mga natutunan. Sa makatuwid, kinakailangang alamin ang naging epekto ng KKI kahit man lang ang bahaging edukasyon. Kung naging epektibo ito ay dapat na ipagpatuloy upang

sakupin ang milyon-milyong pang mga ina.

Ang kolaborasyon ng lahat ng mga *stakeholders*, mula pribado man o publiko, ay dapat na ipagpatuloy upang isagawa ang mga community health fair o clinic kasama ang pagbabahagi ng mga kontraseptibo. Ang mga *pharmaceutical company* ay maaaring magdaos ng mga libreng *check-up* para sa mga buntis o nagpapasusong mga ina kasama na rin ang *check-up* ng mga sanggol. Sa ganitong kaparaanan ay hindi malayong maisakatuparan natin sa lalong madaling panahon ang pagpapabuti ng *maternal health care*.

Mga miyembro ng CARD sa turismo

NI JEFFREY TANDINGAN

Apat na miyembro ng CARD MRI ang aktibong nagsisilbing *tour guide* ng isang *tour program* ng organisasyon na naglalayong matulungang maipakilala at mapaunlad ang turismo ng San Pablo, Laguna.

Dalawa sa mga ito ay sina Jeannelyn Eco at Nanette Domingo, pawang mga miyembro ng CARD Bank at residente ng San Pablo. Sila ang nagsisilbing mga *tour guides* ng *tour program* ng CARD MRI sa loob ng higit isang taon.

Si Jeannelyn ay isang manggagawa ng supot at si Nanette naman ay nagtitinda ng tinapay bago pa man sila maging isang ganap na *tour guide*. "Hindi ko kailanman naisip na magiging isa akong *tour guide*, na makatutulong ako upang makilala ng iba tao ang aking bayan," pagbabahagi ni Jeannelyn.

Ang mga *tour guide* na ito ay nagsanay sa loob ng apat na buwan upang lubos nilang matutuhan ang kasaysayan at kultura ng San Pablo na ayon sa kanila ay hindi rin nila alam kahit na sila'y naninirahan dito. "Isa akong San Pableña, ngunit hindi ko alam ang

kasaysayan ng aking bayan. Ang pagsasanay at kaalamang ibinahagi ng CARD MRI ay lubos na nakatulong upang makilala ko ang pag-uugali at karakter na mayroon ang isang San Pableño," pagbabahagi ni Nanette. "Dahil sa programang ito, nalaman ko na mayroon pa akong kayang gawin," dagdag pa niya.

Ang *tour program* na ito na tinatawag na Hijos de San Pablo Tour ay naglalayong palakasin ang turismo ng bayan sa pamamagitan ng pagbisita sa magagandang tanawin at makasaysayang mga lugar sa bayan. Nagsisilbi itong tulay upang muling bisitahin ang kasaysayan at muling makilala ang kulturang mayroon ang San Pablo. Nakatulong ito sa daan-daang mga kawani, kasapi at mga kaanak nito, mga *local at international partners* ng CARD MRI na malaman nila ang kahalagahan nila bilang kabahagi ng organisasyon at lubos nilang maunawaan kung papaano nga ba tumutulong ang CARD MRI sa mga mahihirap na komunidad sa bansa.

"Lubos akong nagpapasalamat sa programang ito ng CARD MRI. Nakatulong ito sa pagbabago ng aking pananaw. Natulungan ako nitong magtiwala sa

aking sarili dahil na rin sa mga pagsasanay na ibinigay ng CARD MRI. Naniniwala ako na mas naging responsable at mas mabuti akong tao dahil dito," pagbabahagi ni Jeannelyn.

Isa sa mga dahilan kung bakit binuo ni Dr. Jaime Aristole B. Alip ang programang ito ay upang matulungan ang mga miyembro ng CARD na magkaroon sila ng karagdagang pagkakakitaan. "Ang bawat programa namin ay nakaangkla sa aming misyong makatulong. Kami ay nagtitiwala sa kakayahan ng bawat miyembro ng CARD na kaya nilang mapabuti ang kanilang sarili at ang antas ng kanilang pamumuhay," pagbabahagi ni Dr. Alip. Ang mga miyembro ng CARD ang nagsisilbing *tour guides* at tagapag-supply ng pagkain sa tuwing nagkakaroong ng *tour*. Upang muling buhayin at ipakita ang kultura ng San Pablo at ng timog katagalugan ay bumuo rin ang CARD MRI ng *performing arts group* na binubuo ng mga kawani, miyembro at mga kaanak nito.

Sa ngayon, ang Hijos de San Pablo ay dinala na rin sa Visayas partikular sa probinsiya ng Leyte at Samar at dadalhin rin sa Mindanao upang makatulong sa mga miyembro na mas mapaunlad pa nila ang kanilang kakayahan at mapabuti pa nila ang kanilang antas ng pamumuhay sa pamamagitan ng pagpapakilala ng turismo sa bansa.

SULONG!

Editorial Board

Dr. Enrique Navarro
Editor-in-Chief

Dr. Jaime Aristotle Alip
Editorial Adviser

Marilyn Manila . Cleofe Figuracion
Managing Editors

Cyrene Grace Lubigan
Associate Editor

Jeffrey Tandingan . Raffy Antes
Araceli Reas . Joyce Caturas
Writers

Cristy Chua-Enriquez
Margie Gascon
Contributors

Nilalayan ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo.

Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI . Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala sa e-mail sa cardmri.corpcomm@gmail.com o corpcomm@cardbankph.com.

Mensahe mula sa tagapagtatag



Dr. Jaime Aristotle B. Alip

Walang kasing saya para sa isang ina ang makita ang kanyang anak na malusog at malakas. Isa sa mga pinapahalagan ng CARD, bilang isang *social development institution*, ang masiguro ang magandang kalusugan ng aming mga kliyente at ang kanilang pamilya. Kaya naman, noong Oktubre 2014, inilunsad namin ang “Healthy Mothers, Healthy Babies: Kalinga Kay Inay Project” kasama ang Freedom from Hunger (FFH) at Microcredit Summit Campaign (MSC). Ikinalulugod naming makasama ang FFH at MSC sa proyektong ito. Kasama silang tinataguyod ang kalusugan ng

kababaihan sa bansa. Sa pasimula ng proyekto, isinaisip namin ang aming layunin: makapagbigay ng *maternal health education* sa halos 600,000 kliyente, makapag-abot ng tulong medikal sa pamamagitan ng community health days sa 8,988 nagdadalang-tao, nagpapasusong nanay at kababaihang may kapasidad na magbuntis. Ngunit sa tulong ng *local* at *national government*, mga kabilang na institusyon sa MFIs for Health, miyembro at kawani ng CARD, mga tagapagbigay ng serbisyong medikal, at mga kaibigan sa *media*, nalampasan pa namin ang mga numerong ito!

Umabot sa halos 800,000 *microfinance clients* ang nabigyan namin ng edukasyon, *medical check-up* at iba pang *gynecological services, mother's kit*, bitamina, at iba pa. Bagaman dumating na ang proyektong ito sa kanyang pagtatapos, hindi namin tatapusin ang aming laban upang mas mapababa pa ang *maternal mortality* sa bansa. Ipagpapatuloy namin ang laban hanggang wala nang ni isa mula sa aming mga kliyente ang mamatay dahil sa pagbubuntis at iba pang kaugnay na sakit; hanggang wala ng ni isang anak ng aming mga kliyente ang ipinanganak na patay o

kaya naman ay mamatay nang bata pa. Ang aming tungkulin bilang *microfinance institution* ay mahalaga. Kadalasan, ang aming mga opisina ay matatagpuan sa mga malalayo at mahihirap na lugar kung saan ang mga serbisyong medikal ay mababa at mahirap mapuntahan o makuha. Sa pamamagitan ng mga proyektong katulad nito at ng iba pa naming programang medikal sa CARD, at sa tulong na rin ng mga organisasyong may layuning katulad ng sa amin, naniniwala kami na mas marami pa tayong matutulungang kababaihan sa bansa.

Miyembro ng CARD tumutulong sa pag-angat ng lokal na ekonomiya



Si Lucila Datuin ay isa sa 3.3 milyong miyembro ng CARD MRI na nakatutulong mapaunlad ang ekonomiya ng bansa sa pamamagitan ng kaniyang negosyo. Nakikita sa larawan kasama ang inset ang kaniyang mga produktong gawa sa abel.

NI JEFFREY TANDINGAN

Dumarami ang bilang ng mga miyembro ng CARD MRI na nakatutulong sa pagpapaunlad ng lokal na ekonomiya ng kanilang komunidad dahil na rin sa kanilang mga umuunlad na negosyo. Isa rito ay si Lucila Datuin. Si Lucila, 55 taong gulang, ay isang mananahi ng abel (isang produkto mula sa Ilocos Sur) at dinadala sa Mga Likha ni Inay (MLNI), isang kasaping institusyon ng CARD MRI. Naging miyembro siya ng CARD noong 2007 dahil na rin sa kaniyang pangangailang pangkapital sa kaniyang sisimulang negosyo. “Tinulungan ako ng CARD na mabuo ang aking pangarap na negosyo. Dahil sa aking mga nahihiram sa CARD, nakabili ako ng isang *high speed sewing machine* na aking ginamit sa paggawa ng maramihang orders,” pagbabahagi ni Lucila. **Pagtangkilik sa produkto**

Dahil sa nakikilala na ang kaniyang produkto, kumuha siya ng mga empleyado na tutulong sa kaniya upang maibigay sa napag-usapang panahon ang order ng kaniyang mga kliyente. Ang kaniyang mga produkto na mula sa abel at banig ay may disenyong pang *souvenir* at ito ay tinatangkilik na sa mga dinarayong mga lugar sa bansa tulad ng Baguio, Paoay, Ilocos Norte, Vigan, Ilocos Sur at Tagaytay. “Noong una, ako ang nakikiusap sa mga tao na suportahan ang aking produkto. Ngayon, nakikiusap pa rin naman ako sa kanila ngunit upang bigyan pa nila ako ng sapat na oras upang matapos ang kanilang mga order,” masayang pagkukuwento niya. **Hindi magandang simula** Si Lucila ay mula sa Ilocos Sur ngunit nakapagtapos ng kolehiyo at bumuo ng kaniyang sariling pamilya sa Maynila. Nang pumanaw ang kaniyang

asawa, iniwan niya ang kaniyang trabaho at muling bumalik sa kaniyang probinsiya. Isang malaking pagbabago ang muling pagbalik niya sa Ilocos Sur. Nais niyang magkaroon siya ng sariling oras at hindi niya ito magagawa kung siya ay mananatiling empleyado. Sinubukan niya ang iba’t ibang negosyo tulad ng pagtitinda ng isda at fish ball sa bahay-bahay ngunit hindi pinalad na umasenso. Nagsimula siya sa PHP200.00 na kapital at ang makinang de padyak na ibinigay pa sa kaniya ng kaniyang kapatid. Mula rito ay bumili siya ng abel. Pinagbuti niya ang kaniyang maliit na kaalaman sa pananahi na natutuhan niya mula sa kaniyang ina noong siya ay bata pa. Ginugol niya ang kaniyang oras upang matutuhang mabuti ang pananahi ng maliit na bag na gawa sa abel. Sumubok siyang gumawa ng iba’t ibang istilo ngunit nahirapan siyang makahanap ng mamimili ng kaniyang

produkto. “Dumating ako sa puntong wala na akong mapaikot na kapital. Upang maipakilala ko ang aking produkto sa mga magtitingi ay kinakailangan ko munang ibigay sa kanila ang aking mga produkto ng hindi pa nababayaran hanggang sa ito ay mabili sa kanila.” **Pag-unlad** Ang pagsabay sa pagbabago ang naging susi niya. Sumubok siyang gumawa ng iba pang disenyo at produkto. Sinubukan niyang gumawa ng pinagsamang abel at banig upang bumuo ng *wallet, coin purses, ref towels* at iba pa. “Nagustuhan nila ang aking mga produkto. Bumuhos ang maraming order at kinailangan kong kumuha ng mga manggagawa upang matapos ang mga order. **Pagkilala** Ang kaniyang kasipagan at ang kaniyang pagsusumikap ang nagdala sa kaniya upang kilalanin siya bilang isa sa Galing ni Nanay (GNN) awardees

noong 2013. Ang pagkilalang ito ay isinasagawa ng CARD MRI upang kilalanin ang mga mahuhusay na mga miyembro ng CARD MRI na nagtagumpay sa kanilang sinimulang negosyo at nakatutulong sa ibang tao upang magkaroon ng pagkakakitaan. **Iba pang miyembro ng CARD** Sa ngayon, parami pa ng parami ang bilang ng mga miyembro ng CARD MRI na napapaunlad ang kanilang negosyo. Ilan sa kanila ay mananahi, manlililok, manghahabi, at iba pa. Habang napapaunlad nila ang kanilang sarili at

kanilang negosyo, nangangailangan sila ng mga empleyado. Ibig sabihin nito ay nakapagdadagdag sila ng trabaho sa ating bansa. “Pangarap namin na ang bawat miyembro ng CARD MRI ay makabuo ng kanilang sariling negosyo at mapaunlad nila ito. Ang CARD MRI ay patuloy lamang na tutulong upang maabot ang mga pangarap ng aming mga miyembro,” pagbabahagi ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang tagapagtatag at punong tagapamahala ng CARD MRI.

CARD

Sulit Padala

Sulit sa bilis
sulit sa tipid

Remittance rate na siguradong abot-kaya!

Amount	Rate	Halimbawa	
		Amount	Rate
P1,000 - 6,000	3%	P1,000	P30
P6,001 - 9,999	2.5%	P7,000	P175
P10,000 - 40,000	P250 fixed rate	P30,000	P250
P40,001 and above	1%	P50,001	P500

Siguradong makakarating sa tamang oras ang inyong padala sa kahit saang CARD Bank branch nationwide. Maaari ring tanggapin ang inyong remittance gamit ang Matapat ATM Account.

CARD Bank, Inc.

A Microfinance - Oriented Rural Bank
A member of CARD MRI

Helping you Build a Better Tomorrow


february issue edited.pmd

5

4/27/2016, 11:32 AM

Hindi hadlang ang edad

NI CYRENE
LUBIGAN



Maraming dumadayo sa San Vicente, Palawan upang saksihan ang napakahabang dalampasigan ng pino at mapuputing buhangin at asul na karagatan. Ngunit bukod sa magagandang tanawing makikita sa tahimik at mapayapang bayang ito, kahanga-hanga ring mapakinggan ang mga kuwento ng mga naninirahan dito. Isa na rito ang extraordinaryong kuwento ni Nanay Salvacion Medallo—Tita Amie kung tawagin ng kaniyang mga kanayon.

Sa unang tingin ay aakalain mong isang ordinaryong 62 taong gulang na maybahay si Tita Amie. Nananahi siya ng mga damit na ikinabubuhay ng pamilya habang ang kaniya namang asawa ay mangingisda. May lima siyang anak—tatlo rito ang nakapagtapos na ng kolehiyo.

Ginagampanan niya ang lahat ng tungkulin ng isang ina sa kaniyang pamilya. Pero sa umaga, imbes na ipagluto niya ang kaniyang pamilya ng almusal, siya ang ipinaghahanda ng kaniyang asawa ng pagkain para pambao sa eskwelahan. Sa kasalukuyan, si Tita Amie ay isang mag-aaral sa ikawalong baitang ng San Vicente National High School (SVNHS).

“Para sa akin, hindi hadlang ang edad para makamit ang mga pangarap,” masaya niyang kuwento. Taong 2014 nang maisipan niyang kumuha ng pagsusulit para sa Balik Eskwela si Nanay Program ng CARD MRI, isang *scholarship program* para sa mga miyembro ng CARD MRI na nagnanais mag-aral muli. Sa panahong ito, nakaranas ang kaniyang pamilya ng isang matinding problema kaya ginawa niya ang lahat upang maibaling ang kaniyang isipan sa ibang bagay. Naisip din niya noon na magtrabaho sa ibang bansa ngunit taimtim niyang pinagdasal sa Panginoon na ipakita sa kaniya kung mayroong mas magandang plano sa kaniya.

Tila isang tugon mula sa langit nang mabalitaan niya na siya ay natanggap sa *scholarship program* ng CARD, dali-dali niyang inasikaso ang kaniyang mga papeles upang makapag-aral muli. Dahil sa hinaba-haba na ng panahon, ang kaniyang mga dokumento sa eskwelahan noon ay nawala na. Pero sa tulong ng kaniyang mga kaklase at kakilalang nagpatunay na siya ay nakapagtapos ng elementarya, napagbigyan siyang mag-aral muli ng hayskul.

Laking gulat din ng kaniyang mga guro nang sinabi niyang siya’y mag-aaral muli. Tila hindi kapanipaniwala na sa edad ni Tita Amie, hahangarin pa rin niyang makapagtapos ng pag-aaral. Naging magaling na mag-aaral si Tita Amie. Matataas ang kaniyang mga grado at sumasali siya sa mga *extra-curricular activities* ng paaralan. Napansin ito ng kaniyang mga guro kaya naman noong nakaraang Teachers’ Day ay siya ang naging tagapagsalita sa palatuntunan ng paaralan. Doon niya naikuwento ang kaniyang pinagdaanan bilang bata. “Maaga kaming naulila sa ina, kaya hindi na rin kami nabigyan ng pagkakataong makapag-aral noon. Bagaman dahil sa naging takbo ng aking buhay ay hindi na ako nakapagtapos ng pag-aaral, hindi ako tumigil matuto. Sinikap kong mag-aral ng iba’t ibang bagay,” ani niya.

Puro papuri naman ang kaniyang natanggap mula sa kaniyang mga guro. “Kadalasan sa kabataan ngayon, kapag sila ay tumigil ng ilang taon sa pag-aaral, nawawala na ang kanilang kagustuhang magpatuloy sa pag-aaral. Isang magandang halimbawa ang ipinapakita ni Tita Amie na bagaman lumipas ang mahabang panahon bago siya nakabalik sa pag-aaral, ipinagpatuloy pa rin niya dahil pangarap niyang makapagtapos. Dahil sa kaniya, marami sa aming estudyante ang nagkakaroon ng mas malalim na pagpapahalaga sa edukasyon,” ani ni Bb. Cathy Arceo, guidance counselor ng SVNHS.

Sa kasalukuyan, tanging hangad ni Tita Amie na patuloy siyang maging inspirasyon ng kabataan upang higit pang pahalagahan ang edukasyon dahil naniniwala siyang ito ang magsisilbing daan tungo sa tagumpay ng bawat indibidwal.



Repleksyon

Nanalig, nagtiwala, natupad!

NI JOYCE CATURAS

Tatlong “N” ang naging puhunan upang ang kaniyang pangarap ay matupad: Nanalig, Nagtiwala, Natupad. Ito ang mga salitang nagsilbing inspirasyon niya sa bawat araw na hinahanap. Siya si May Panagsagan mula sa San Jose, Occidental Mindoro. Ang kaniyang ama ay isang simpleng magsasaka at ang kanyang nanay ay *part time* sa kanilang barangay hall. Anim silang magkakapatid at siya ang bunso.



“Mahirap ang buhay namin noon. Ang tanging kita lang ni tatay ang inaasahan namin mula sa inaani niya tuwing ikatlong buwan,” sabi ni May. Dahil dito, napilitan siyang manilbihan sa kanyang tiya upang may pandagdag na panggastos sa pag-aaral. Ang kanyang ina ay si Luz Panagsagan, isang miyembro ng CARD Bank ng 13 taon at dito niya nakuha ang impormasyon na ang institusyon ay nagbibigay ng *scholarship* sa mga miyembro at mga anak nito. Dahil dito, hindi na nagdalawang isip si May, nag-exam siya at ito ay kanyang naipasa.

“Malaking tulong ang pagiging iskolar ko sa CARD. Dahil dito hindi ko na kailangang manilbihan. Nakatulong pa ako sa aming tahanan sa mga gawaing bahay na dati ay sa aking tiyahin ko lang nagagawa. Taong 2008 nang ako ay nakapagtapos sa kursong Bachelor of Science in Commerce at nagtrabaho sa CARD MRI bilang isang account officer,” masayang pagkukuwento ni May. Dahil sa kanyang dedikasyon at galing sa trabaho, si May ay na-promote bilang Unit Manager at naitalaga sa Las Piñas Branch ng CARD Bank.

Isa lamang sa apat na *financial institutions* ng CARD MRI ang CARD Bank na nagbibibay ng *education assistance* sa mga miyembro at sa anak nito. Mayroong 6,095 iskolar ang CARD MRI na sinusuportahan sa pag-aaral. Ang CARD MRI ay binubuo ng 14 na institusyong nagbibigay ng iba’t ibang serbisyong makatutulong sa pagpapaunlad ng pamumuhay ng bawat miyembro at pamilya nito.


Layunin ng *scholarship program* na magbigay ng oportunidad sa mga miyembro at anak nito na mas mapaunlad pa nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng magandang edukasyon. Isa itong malaking hakbang patungo sa maganda at maayos na antas ng pamumuhay. Ninanais din ng CARD MRI na magkaroon ng pagkakataon ang lahat ng kabataan na makapag-aral upang magsilbi silang magandang halimbawa sa darating na henerasyon. Naniniwala ang CARD MRI na ang edukasyon ang magsisilbing susi upang masolusyunan ang tumitinding kahirapan sa bansa.

Ang gusto mong bahay ay
hindi dapat hanggang
pangarap na lang...



Bahay Katuparan
Loan

CARDSMEBANK



Ang guhit ni Margie Gascon, isang CARD staff mula sa Palawan, ay sumisimbolo sa kung paano dinarayo ng CARD MRI ang iba't ibang lugar upang maihatid ang mga programa at serbisyo sa mga nangangailangan. Himpapawid man o karagatan ay handang suungin ng CARD para sa mga minamahal nitong miyembro. Nagsisilbi itong tulay upang ang pamayanan kahit sa malalayong isla ay mapagsilbihan.

CARD-MRI Development Institute, Inc. is **SENIOR HIGH SCHOOL** ready **ENROLL NOW!**



CAREER TRACKS

ACADEMIC

Strand:

- ABM (Accountancy, Business and Management)

Offered in both campuses of CMDI.

TECHNICAL-VOCATIONAL -LIVELIHOOD

Strand:

- Computer Programming


Offered in CMDI Bay Campus only.

CMDI is also currently offering B.S. in Entrepreneurship with Specialization in Microfinance and an accredited provider and assessment center for Microfinance Technology NC II of TESDA.

CAMPUSES	CMDI Bay Campus Brgy. Tranca, Bay, Laguna	CONTACT DETAILS	CMDI Bay Campus Mr. Neil Polinag School Registrar (049) 573-0031 0947-890-2759 npolinag@yahoo.com	CMDI Tagum City Campus Mr. Christian Sandoval School Administrator (084) 216-0955 0949-833-6939 christiansandoval26@yahoo.com
	CMDI Tagum City Campus Purok Mankilam, Tagum City, Davao Del Norte			

"CMDI is where true people empowerment begins, BUT NEVER ENDS."





Experience the **JOY** to work with people.
Live the **PASSION** to help people improve their lives.
Have the **HEART** to serve others.

JOIN US

and be part of more than 9000-strong staff adhering to our core values of competence, culture of excellence, integrity, family spirit, humility and simplicity. We sustain the lives of more than 3 million clients during uncertainties. We create positive changes in the 57,000 community groups that we serve. We are a dynamic workforce dedicated to empower 8 million Filipinos by 2020.

AVAILABLE POSITIONS:

- › Accounting Assistant
- › Account Officer
- › Application Administrator
- › Application Developer
- › Bookkeeper
- › Corporate Lawyer
- › Credit Risk Assistant
- › Executive Assistant
- › Internal Auditor
- › IT Operator
- › Module Developer
- › Pharmacy Assistant
- › Project Coordinator
- › Quality Assurance Analyst
- › Regional IT
- › Savings Officer
- › Service Desk Analyst
- › Teller

GENERAL QUALIFICATIONS

- Male or Female
- At least 18-35 years old
- With pleasing personality and excellent interpersonal skills
- With competent oral and written communication skills
- Must be willing to be assigned in any area of CARD operations
- Not related to any CARD employees (except if CARD Scholars)

REQUIREMENTS

- Resume with recent 2x2 picture (white background)
- Application Letter
- Photocopy of Transcript of Records

Please send Application to: The HR Unit at CARD MRI,
20 M.L. Quezon St., City Subdivision, San Pablo City,
Laguna 4000 or email us at recruitment.cardhrd@gmail.com

For more information about hiring in CARD MRI, please visit our website: www.cardmri.com and click the tab Join us.

For inquiries, contact: **(049) 562-4309**

CARD MRI is a group of institutions that provides community development services including microfinance, microinsurance, capacity building and other social development services to poor women and their families. It operates nationwide.

CARD MRI
CARD Mutually Reinforcing Institutions